Social Security

# Ang Kabuuan

www.socialsecurity.gov

# Ang Kabuuan

Ang publikasyong ito ay nagbibigay ng kabuuan ng mga pinakamahalagang bahagi ng mga programa ng Social Security, Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad, SSI) at Medicare. Maaari kang makakuha ng tiyak na impormasyon tungkol sa mga programang ito, kabilang ang aming mga publikasyon, sa pamamagitan ng pagbisita sa Internet sa ***www.socialsecurity.gov.***

## Ang iyong numero ng Social Security

Ang mga benepisyong tinatanggap mo mula sa Social Security ay batay sa mga kinitang iniulat ng iyong pinaglilingkuran (o sa pag-uulat mo, kung ikaw ay nasa sariling-empleyo)sa pamamagitan ng numero ng iyong Social Security. Kaya mahalaga na palagi mong gagamitin ang tamang numero ng iyong Social Security. At dapat mo ring siguraduhin na ang pangalang ginagamit mo sa iyong pinaglilingkuran ay katulad ng pangalang nasa tarheta ng Social Security mo. Kung mag-papalit ka naman ng pangalan mo kahit kailan, dapat mo ring palitan ang iyong pangalan sa tarheta ng iyong Social Security. Ang Social Security ay hindi sisingil para sa serbisyong ito.Dapat mong kukuhanan ng numero ng Social Security ang mga anak mo oras na sila ay isinilang. Kakailanganin mo ang kanilang mga numero upang mai-file sila bilang mga sustentado mo sa iyong federal income tax return(balik buwis).

## Pagnanakaw ng pagkakakilanlan

Paka-ingatan ang iyong tarheta at numero ng Social Security upang maiwasan ang pagnanakaw ng iyong pagkakakilanlan. Ipakita ang iyong tarheta sa iyong pinaglilingkuran kapag nagsisimula ka pa lang na magtrabaho para tama ang iyong mga talaan. Pagkatapos ay itago na ito. **HUWAG** dadala-dalahin ang tarheta mo.

## Siguraduhin na ang iyong mga talaan ay tamang-tama

Mahalaga na ang iyong pangalan at numero ng Social Security sa iyong tarheta ng Social Security ay katulad ng nasa mga talaan ng plantilya ng iyong pinaglilingkuran at W-2 form upang maipamahagi namin ang iyong mga kinita sa iyong talaan. Kung mali ang tarheta ng Social Security mo, makipag-alam sa saan mang tanggapan ng Social Security upang magawa ang mga pagwawasto. Tingnan ang iyong W-2 form upang siguraduhin na ang talaan ng iyong pinaglilingkuran ay tama at, kung hindi, bigyan ang iyong pinaglilingkuran ng natatamang impormasyon.

Maaari mo ring repasuhin ang iyong mga kinikita na nakalagay sa iyong talaan ng paglalahad sa iyong Social Security Statement. Ang Statement ay makukuha online sa mga manggagawang nasa edad 18 at mas matanda. Upang marepaso ang iyong Statement, pumunta sa ***www.socialsecurity.gov/mystatement*** at lumikha ng isang account. Kung ang iyong Statement ay hindi kinabibilangan ng lahat ng iyong mga kinikita, hayaan ang iyong employer at ang tanggapan ng Social Security na malaman ang tungkol sa anumang mga maling impormasyon.

## Pagbabayad ng mga buwis sa Social Security

Kung ikaw ay namamasukan sa ibang tao, ibinabawas ng pinaglilingkuran mong ito ang mga buwis sa Social Security at Medicare mula sa iyong suweldo at ipinapadala ang mga buwis na ito sa Paglilingkod ng Panloob na Kinita (Internal Revenue Service (IRS)). Ang pinaglilingkuran mo ay nagpapadala din sa IRS ang halagang katumbas ng ibinawas nila mula sa iyong suweldo. Ang pinaglilingkuran mo ay umuulat sa Social Security ng lahat ng mga kinita mo.

Kung ikaw ay nasa sariling-empleyo , binabayaran mo ang lahat ng mga buwis sa Social Security at Medicare kapag ikaw ay nag-file ng iyong balik buwis at ang IRS ay uulat ng iyong mga kinita sa Social Security. Nagbabayad ka ng halagang katumbas ng pinagsamang kabahagi ng manggagawa/pinaglilingkuran, ngunit mayroon kang makukuhang mga hindi angkaraniwang pagbabawas sa balik buwis na magpapagaan sa iyong mga buwis.

Ang mga buwis sa Social Security at Medicare na binabayaran mo ay hindi inilalagay sa pang-karaniwang kuwenta para sa iyo. Ginagamit ang mga ito upang bayaran ang mga benepisiyo ng mga taong tumatanggap na ng mga benepisiyo sa ngayon, gayundin ang mga magiging benepisyong tatanggapin mo sa darating na panahon ay babayaran ng mga manggagawa sa darating na panahon.

## Papaanong kumikita ng "credits" sa Social Security

Habang nagtatrabaho at nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security, kumikita ka ng "credits" na ibinibilang sa iyong pagiging may karapatan para sa mga benepisiyo sa Social Security (batay sa iyong mga kinita, maaari kayong kumita ng hanggang apat na credits bawat taon). Ang karamihan ng mga tao ay nangangailangan ng 10 taong pagtratrabaho upang maging -marapat para sa mga benepisiyo. Ang mga mas nakaba-batang tao ay nangangailangan ng mas kaunting credits upang maging-marapat para sa mga benepisiyo para sa may kapansanan o para sa kanilang mga pamilya upang maging-marapat sila para sa mga benepisiyo sa nabalo o na-ulila.

## Pagkukuwenta ng mga benepisiyo sa Social Security

Karaniwan, ang iyong benepisiyo sa Social Security ay porsiyento ng iyong mga pamantayang kinitang pang-habang buhay. Ang mga manggagawang mabababa ang kinita ay tatanggap ng mas mataas na porsiyento ng kanilang mga karaniwang kitang pang-habang buhay kaysa sa mga nasa mas mataas na kumikita. Ang manggagawa na may mga pang-karaniwang kinikita ay maaaring maka-asa sa benepisiyo sa pagreretiro na pumapalit sa humigit-kumulang na 40 porsiyento ng kanyang mga karaniwang kitang pang-habang buhay.

Ang Social Security ay hindi binalak kailanman na maging tanging pagmumulan ng kita mo kapag nagretiro ka na o kapag magkaroon ka ng kapansanan o kaya tanging kita ng iyong pamilya kung binawian ka na ng buhay.

Ito ay binalak bilang dagdag sa iba pang kikitain mo na magmumula sa iyong mga pensiyon, mga inipon , mga pamumuhunan(investments) at mga plano ng seguro.

## Mga benepisiyo sa Social Security

Binabayaran ng iyong mga buwis sa Social Security ang tatlong uri ng mga benepisiyo: pagreretiro, may kapansanan at sa nabalo at sa na-ulila.

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagreretiro o sa kapansanan, ang ibang mga miyembro ng iyong pamilya ay maaaring tumanggap din ng mga benepisyo. Kabilang sa mga ito ang: iyong asawa kung siya ay hindi bababa sa 62 taong gulang o mas bata sa 62 taong gulang ngunit nag-aalaga ng bata na wala pa sa edad 16 o 16 taong gulang at mas matanda ngunit may kapansanan at karapat-dapat sa mga benepisyo sa iyong talaan; at ang iyong mga anak kung sila ay wala pang mga asawa at wala pa sa edad na 18, 18-19 taong gulang at pumapasok sa elementarya o sa mataas na paaralan o 18 taong gulang o mas matanda ngunit may kapansanan. Kung ikaw ay diborsyado/diborsyada, ang iyong dating-asawa ay maaaring maging karapat-dapat sa mga benepisyo sa iyong talaan.

## Pagreretiro

Babayaran ka namin ng mga benepisiyo sa buong edad ng pagreretiro (sa mga binawasang benepisiyo na iyong makukuha sa mas maagang edad na 62 taong gulang) kung nakapag-trabaho ka na ng sapat na panahon. Kung ikaw ay ipinanganak bago ang taong 1938, ang iyong buong edad ng pagreretiro ay 65. Ang buong edad ng pagreretiro ay tataas ng unti-unti hanggang



(kabila)

ito ay umabot sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o huli pa. Kung ipagliban mo ang iyong pagreretiro na lampas sa buong edad ng pagreretiro, ikaw ay tatanggap ng hindi pang-karaniwang credit para sa bawat buwan na hindi mo kinuha ang iyong mga benepisiyo hanggang sa edad na 70. Kung pinili mo namang ipagliban ang iyong pagreretiro na lalampas pa sa edad na 65, dapat ka pa ring mag-hain para sa Medicare sa loob ng tatlong buwan bago ng iyong ika-65 na kaarawan.

## Kapansanan

Ang benepisiyo ay maaring maibayad sa iyo kahit sa anumang edad kung nakapagtrabaho ka na ng sapat na panahon at nagkaroon ka ng napaka-malubhang pangkatawan o pangkaisipang pagkapinsala na humahadlang sa iyong kakayahang makapag-trabaho na tatagal ng isang taon o mahigit pa rito o kung mayroon kang medikal na karamdaman na maaring magiging dahilan ng maagang pagkabawi ng iyong buhay. Huwag mong patatagaling hanggang sa mawalan ka na ng trabaho sa loob ng isang taon bago ka mag-hain dahil maaaring abutin ng ilang buwan ang mga paglalakad ng kahilingan mo para sa may kapansanan.

## Mga nabalo at na-ulila

Kapag ikaw ay binawian ng buhay bago pa ang ilang miyembro ng iyong pamilya, ang mga naiwan ay maaaring maging karapat-dapat sa mga benepisyo. Kabilang sa mga ito ay ang mga balo (at diborsyado/diborsyadang nabalo), mga anak at mga umaasang magulang.

## Medicare

Ang mga pangkalusugang pangalaga ay ipinakaloob sa ilalim ng apat na bahagi ng Medicare. Ang mga buwis sa Medicare na binabayaran mo habang ikaw ay nagtatrabaho ang magtutustos sa bahagi ng iyong hospital insurance ( Part A) na tumutulong sa pagbabayad

ng pangangalaga ng pasyente habang nasa ospital at bihasang pangangalaga ng maysakit at iba pang mga serbisyo. Ang iba pang tatlong mga bahagi ng Medicare na karaniwang binabayaran sa pamamagitan ng buwanang prima ay:medical insurance ( Part B) na tumutulong sa pagbabayad ng mga singil sa doktor, mga pang-ospital na serbisyo ng palabas na pasyente at iba pang mga serbisyong medikal at mga panustos; Medicare Advantage(Part c) plano na nag-bigay hintulot sa mga taong sakop sa mga bahagi na Part A at B na tumanggap ng lahat ng kanilang mga serbisyo sa pangkalusugang pangangalaga mula sa isang nagkakaloob ng mga paglilingkod nito; at prescription drug coverage(Part D) na tumutulong sa pagbabayad ng mga gamot na inireseta ng doktor.

***PUNA:*** *Kahit anumang edad ang iyong buong edad ng pag-reretiro,maging-marapat kayo sa sa Medicare kapag kayo ay 65 taong gulang.*

## Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad)

Ang SSI ay nagbibigay ng mga buwanang pagbabayad sa mga tao na kakaunti ang mga kinikita at mga pag-aaring yaman. Upang makakuha ng SSI, dapat ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda pa rito, bulag o may kapansanan. Ang mga kabataan at mga nasa gulang na mga tao ay maaaring maging-marapat para sa mga pagbabayad ng SSI para sa may-kapansanan.

Ang halaga ng mga pagbabayad ng SSI na maaari mong matanggap ay batay sa halaga ng iyong kinita, mga pag-aari mong yaman at kung saan ka nakatira. Ang pang-pamahalaang pederal ay nagbabayad ng pansimulaing benepisiyo at may mga estado na nagdadagdag ng karagdagang pera sa halagang ito. Magsiyasat sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security para malaman ang kabayarang halaga ng SSI sa iyong estado. Sa pangkalahatan, ang mga tao na kumukuha ng SSI ay maaari ding kumuha ng Medicaid, Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) at iba pang mga tulong.

Hindi kinakailangang nakapagtrabaho kayo upang makakuha ng mga pagbabayad ng SSI. Ang mga pagbabayad ng SSI ay natutustusan sa pamamagitan ng mga pangka-lahatang kita sa buwis ng rentas internas at hindi sa pamamagitan ng mga buwis ng Social Security.

## Kailan at papaanong mag-hahain para sa Social Security o SSI

Dapat kang mag-apply para sa mga benepisyo sa pagreretiro humigit-kumulang tatlong buwan bago ang petsa na nais mong magsimula ang iyong mga benepisyo. Kung ikaw ay hindi ganap na handang magretiro, ngunit nag-iisip tungkol sa pagreretiro sa nalalapit na hinaharap, maaari mong naisin na bumisita sa website ng Social Security. Kung ikaw ay mayroon ng sapat na mga kredito ng Social Security upang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo, maaari mong gamitin ang aming online Retirement Estimator sa ***www.socialsecurity.gov/estimator.*** Ang Retirement Estimator ay isang kombinyente, ligtas at mabilis na instrumento sa pagpaplanong pampinansyal na nagpapahintulot sa iyong lumikha ng iyong personal na "paano kung" na mga senaryo. Kung wala ka pang sapat na mga kredito upang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo, kami ay mayroong ibang mga calculator sa benepisyo sa ***www.socialsecurity.gov/planners.*** Maaari kang mag-apply online para sa iyong pagreretiro o mga benepisyo sa kapansanan sa ***www.socialsecurity.gov.***

Dapat kang mag-hain para sa Social Security o sa SSI para sa may kapansanan kung ikaw ay may karamdaman na hahadlang sa iyong kakayahang makapagtrabaho. Kung ang kumikita sa pamilya ay binawian na ng buhay, dapat kang makipag-alam sa amin upang matingnan kung ikaw o ang iba pang mga miyembro ng iyong pamilya ay may karapatang tumanggap ng mga benepisiyo.

Kapag nag-hain ka para sa mga benepisiyo, dapat kang magbigay ng mga katunayan na nagpapakitang ikaw ay may karapatan, tulad

ng katibayan ng kapanganakan para sa bawat miyembro ng iyong pamilya na nag-hahain para sa mga benepisiyo, katibayan ng pagpapakasal mo kung ang iyong asawa ay nag-hahain din at ang iyong pinaka-makailan lang na W-2 form (o balik buwis kung ikaw ay nasa sariling-empleyo).

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION USA

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10006-TL
A "Snapshot" (Tagalog)
July 2012